

Para sa mga employer at empleyado

Sa pagbibigay ng support fund at leave allowance para sa sapilitang pagbabakasyon dahil sa Covid-19, kailangan ng kooperasyon ng mga may-ari ng negosyo.

Summary ng pagbibigay ng support fund at leave allowance

Ang sistemang ito, depende sa aktwal na bilang ng ng araw na nagbakasyon, babayaran ang 80% ng sahod bago nag-leave (pinakamataas na ang 11,000 yen bawat araw) ay babayaran sa mga nakakatugon sa mga sumusunod na dalawang kundisyon. Walang babayaran ang may-ari ng negosyo.

- ① **Mga empleyado ng maliit at medium-sized na kumpanya na nag-leave mula Abril 1 hanggang Disyembre 31, 2020 dahil sa Covid-19 at sa instruksyon ng employer.**
- ② **Sa mga hindi nabayaran ng sahod (leave allowance) sa panahon na nag-leave.**

Sa pagkumpirma sa kinakailangan sa pagbabayad, hinihiling ang kooperasyon ng mga may-ari ng negosyo

Upang mabayaran ang support fund at leave allowance, kakailanganin ang “Form sa pagkumpirma ng kinakailangan sa pagbabayad” na naka-attach sa aplikasyon upang magpatunay sa katotohanan ng pagbabakasyon. Para sa maayos na pagbabayad, mangyaring makipagtulungan sa pagbibigay ng deskripsyon ng “Form sa pagkumpirma ng kinakailangan sa pagbabayad”.

《Dapat tandaan》

- Ang “Form sa pagkumpirma ng kinakailangan sa pagbabayad” ay para sa kumpirmasyon sa pagbabayad ng leave support fund. **Hindi nito hinahatulan kung naaangkop sa obligasyon ng pagbabayad ng leave allowance ayon sa Artikulo 26 ng Labor Standards Law .**
- Ang **labor insurance number ay kailangan.** Maliban lamang sa negosyong agrikultura, kagubatan at pangingsda, kahit isa lang ang manggagawa, sasakupin ito ng labor insurance anuman ang uri at sukat ng negosyo at kinakailangan upang maisagawa ang proseso.
- Kapag ang manggagawa ay **tinanggal o sinuspinde sa trabaho, binago ang kondisyon sa trabaho o hindi maayos ang pagtrato dahil lamang sa nag-aplay sa leave support fund, maaari itong maging invalid at iwasto ayon sa Labor contract law.** Gayundin ang pagutos o pagbibigay ng trabaho na malayo sa kakayahan ng manggagawa ay maaaring power harassment.

Problema sa trabaho na nauugnay sa aplikasyon ng mga manggagawa

Kung mayroong problema gaya ng pagtanggap o pagsuspinde ng trabaho dahil lamang sa pag-aplay ng leave support fund, makipag-ugnay sa General Labor Consultation Center na nasa mga Prefectural Labor Bureaus at Labor Standards Office sa buong bansa. Ito ay isang one-stop service para sa mga labor issues tulad ng pagtanggap sa trabaho, pag-suspinde, reassignment, pagbawas ng sahod, bullying/ harassment, at power harassment.

Para sa mga katanungan ukol sa leave support fund

- Tawagan ang Ministry ng Health, Labour at Welfare call center
Ministry ng Health, Labour at Welfare Covid-19 Leave Support Fund at Allowance
Tel: 0120-221-276 Mon.- Fri. 8:30 - 20:00/ Sat., Sun., Holidays 8:30 - 17:15

Para sa Q&A ukol sa allowance, application form at iba pa, puntahan ang website ng Ministry ng Health, Labour at Welfare at tignan ang page ng “Support fund at leave allowance para sa sapilitang pagbabakasyon dahil sa Covid-19”.

<https://www.mhlw.go.jp/stf/kyugyoshienkin.html>



Ipinapahayag kung angkop sa tinatawag na “bakasyon” para sa support fund at leave allowance ukol sa sapolitang pagbabakasyon dahil sa Covid-19.

Ang bakasyon na sinasabing sakop ng support fund at leave allowance ay kung mayroon talagang pasok ang manggagawa ngunit hindi pinapasok sa trabaho dahil sa Covid-19.

Sa support fund at leave allowance, **bilang panununtunan, kukumpirmahin ang “Form ng pagkumpirma ng kinakailangan sa pagbabayad”** na inihanda ng labor at management. Kung makukumpirma na pinagbakasyon ng employer ang manggagawa sa “Form ng pagkumpirma ng kinakailangan sa pagbabayad”, hindi na kailangan mag-attach ng dokumento tulad ng kontrata.

(Note) Halimbawa, kung ang buong pasilidad tulad ng shopping center na nagsara dahil sa Covid-19, at kung saan naroon ang shop na pinagtatrabahuan, kahit hindi ang mismong shop ang nagsara, masasabi pa rin na pinagbakasyon ng employer ang manggagawa.

Araw araw na pagtatrabaho, uri ng pag-dispatch na nasa shift system

Sa mga manggagawang tulad nito, maghanda pa rin ng “Form sa pagkumpirma ng kinakailangan sa pagbabayad” pagkatapos sumang-ayon ang labor at management na pinag-bakasyon ng employer ang manggagawa sa panahon na **ina-aaplay upang maging angkop sa pagtanggap ng support fund at leave allowance**. At kahit **hindi mapatunayan ang bakasyon sa “Form ng pagkumpirma ng kinakailangan sa pagbabayad”, kung angkop sa mga sumusunod na kaso, maaari pa ring makatanggap ng support fund at leave allowance.**

1 Kung may shift table o kung nakasaad sa notis ng kondisyon sa pagtatrabaho ng detalyado kung ilang araw ang trabaho o shift sa isang linggo o isang buwan, maaaring maituturing at makumpirma na walang pagkakamali sa kaso ng employer.

2 Kung may pay slip ng nakaraang anim na buwan o higit pa at kung makumpirma na may apat na araw o higit pa na pasok sa trabaho bago nagsimula ang bakasyon. At sa kaso **na kung ang may-ari ng negosyo na hindi apektado ng Covid ay nakumpirma ang layunin na ipagpatuloy ang parehong trabaho.** (Gayunpaman, hindi ito aplikado kung may pangyayari na hindi Covid ang dahilan ng bakasyon.)

Mga bagay na dapat tandaan

- Kung hindi nakipagtulungan ang may-ari sa paghanda ng “Form ng pagkumpirma ng kinakailangan sa pagbabayad”, posible pa rin na mag-aplay ang manggagawa sa pamamagitan ng paglalagay sa form ukol sa hindi paghahanda ng may-ari. Sa kasong iyon, kukumpirmahin ng prefectural labor bureau at hihilingin sa may-ari ang kanilang kooperasyon.
- Maaaring hilingan ng prefectural bureau ng kaugnay na dokumento ang empleyado at employer kaya’t hinihiling namin ang kooperasyon.

Para sa mga nakatanggap ng notis ng desisyon ng hindi pagbabayad

Ang desisyon tungkol sa suporta sa bakasyon ay hindi mababago para sa target na buwan ng aplikasyon kapag nagawa na ang desisyon sa pagbabayad o hindi pagbabayad. Ngunit kahit nakatanggap na ng desisyon ng hindi pagbabayad dahil sa hindi nakumpirma ang katotohanan sa “leave” at “employment”, maaari pa rin mag-aplay ulit kung angkop sa kaso na nakalagay sa leaflet na ito. Sa kasong iyon, mangyaring mag-sumite ng kopya ng notis ng desisyon ng hindi pagbabayad bilang karagdagan sa mga dokumento na kailangan sa aplikasyon.